## APPLICATION

- Mayroon ka bang malinaw na pagkaunawa sa misyon ng Diyos para sa Kanyang Iglesya? Sa tingin mo, ano ang iyong bahagi dito?
- Anu-ano ang mga kaloob at kalakasan na ibinigay sa iyo ng Diyos? Hingin sa Diyos ang mga pagkakataon na magamit ang mga ito upang paglingkuran Siya at ang Kanyang mga mamamayan.
- Sinu-sino ang mga tao na binigay sa iyo ng Diyos upang makasama mo sa pagpapasulong ng Kanyang kaharian? Paano ninyo natutulungan ang isa't isa upang tuparin ang mga layunin ng Diyos?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa mga gawain na inihanda Niya para sa iyo. Hingin sa Kanya ang biyaya at katapangan na kumilos nang may pananampalataya habang tinutupad ang Kanyang misyon.
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang mga bahagi ng iyong buhay na nagiging hadlang sa pakikinig at pagsunod mo sa Kanya. Ipanalangin na mawala ang mga hadlang na ito sa pagtupad mo sa misyon ng Diyos.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataong maibahagi sa iyong mga kakilala ang tungkol kay Jesus. Hingin sa Diyos na bigyan ka ng plataporma upang maipangaral mo ang ebanghelyo.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2022 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Daisy Cayos, Madel Vanguardia

victory.org.ph

WE
YOUR
PEOPLE

# Iisang Gawain, Iisang Misyon

WEEK 4

## WARM-UP

- Kapag gumagawa ka ng isang proyekto, kadalasan ba ay nagboboluntaryo ka upang gawin ang isang bagay o naghihintay ka na mabigyan ng gagawin? Bakit?
- Kailan ang huling pagkakataon na natapos ka sa isang gawain dahil may ibang nagboluntaryo na tulungan ka? Ibahagi kung ano ang nangyari.
- Magbahagi ng isang personal mong *goal* o layunin na natupad. Ano ang nangyari?

## WORD

*[1]Doon sa Antioc ay may mga propeta at mga tagapagturo*
*na miyembro ng iglesya. Sila'y sina Bernabe, Simeon na*
*tinatawag na Negro, Lucius na taga-Cyrene, Manaen na*
*kababata ni Gobernador Herodes, at si Saulo. [2]Habang*
*sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi*
*ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa*
*akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa*
*kanila." [3]Pagkatapos nilang mag-ayuno at manalangin,*
*pinatungan nila sina Bernabe at Saulo ng kanilang mga*
*kamay at pinaalis na sila.* **MGA GAWA 13:1–3**

Nagbibigay ang Diyos sa tao ng mga kaloob at kalakasan na makakatulong sa kanila upang matupad ang Kanyang plano at layunin. Ang iglesya sa Antioc ay binubuo ng mga taong nagmula sa iba't ibang etnisidad na may ginagampanang iba't ibang tungkulin. Mula dito, inutos ng Banal na Espiritu na *italaga* sina Bernabe at Saulo para sa isang natatanging misyon. Hanggang ngayon, pinagsasama-sama ng Diyos ang mga tao na may magkakaibang karanasan at iba't ibang kalakasan upang Siya ay paglingkuran at upang tuparin ang Kanyang misyon. May dalawang katotohanan tungkol sa misyon ng Diyos at ng Iglesya.

## 1 Tinawag tayo ng Diyos upang makibahagi sa Kanyang misyon.

*Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, “Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila.”*

**MGA GAWA 13:2**

Habang sumasamba at nag-aayuno, kinausap ng Banal na Espiritu ang iglesya sa Antioc at nilinaw Niya kung ano ang nais Niyang gawin. Tinawag Niya ang iglesya upang makibahagi sa Kanyang misyon na tubusin ang mundo sa pamamagitan ng pagtatalaga kina Bernabe at Saulo para sa isang natatanging gawain—ang magpunta sa iba’t ibang bansa. Mayroon nang itinakdang misyon ang Diyos. Hindi Siya naghahanda ng panibagong misyon para sa Kanyang Iglesya; inaanyayahan Niya ang Iglesya na makibahagi sa Kanyang misyon. Sa tingin mo, bakit gusto ng Diyos na makilahok ang Kanyang Iglesya sa Kanyang misyon?

## 2 Tinawag tayo ng Diyos upang makibahagi sa gawain at tuparin ang Kanyang misyon.

*[1]Doon sa Antioc ay may mga propeta at mga tagapagturo na miyembro ng iglesya. Sila’y sina Bernabe, Simeon na tinatawag na Negro, Lucius na taga-Cyrene, Manaen na kababata ni Gobernador Herodes, at si Saulo. . . . [3]Pagkatapos nilang mag-ayuno at manalangin, pinatungan nila sina Bernabe at Saulo ng kanilang mga kamay at pinaalis na sila. [4]Kaya pumunta sina Bernabe at Saulo sa Seleucia ayon sa sinabi ng Banal na Espiritu. Mula roon, naglayag sila patungo sa isla ng Cyprus. [5]Pagdating nila roon sa bayan ng Salamis, nangaral sila ng salita ng Diyos sa mga sambahan ng mga Judio. Kasama rin nila si Juan Marcos at tumutulong siya sa kanilang gawain.* **MGA GAWA 13:1, 3–5**

Tinawag ng Diyos ang Kanyang Iglesya upang makilahok sa Kanyang misyon. Bilang miyembro ng Kanyang Iglesya, ang bawat isa ay tinawag, binigyan ng kaloob, at binigyan ng abilidad ng Diyos upang gampanan ang isang natatanging bahagi sa misyong ito. Ang iba ay mga propeta, ang iba ay guro. Ang iba ay tinawag na pumunta sa ibang bayan; ang iba ay tinawag na tumulong. Walang tawag mula sa Diyos ang mas nakakaangat o mas mabuti. Bawat isa sa atin ay may bahagi na gagampanan. Laging mas mabuti sa Iglesya kung ginagawa ng mga tao ang misyon nang magkakasama. Itinalaga ng Diyos na sama-sama nating tuparin ang Kanyang misyon para sa Iglesya. Ano ang sinasabi sa 1 Corinto 12:14-20 tungkol sa Iglesya bilang katawan ng Diyos? Sa tingin mo, paano ka inihanda ng Diyos upang maging bahagi nito?